**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**AND ALJO BENDIJO**
**December 21, 2020 (11:00 A.M. – 12:03 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Tuluy-tuloy pa rin ang ating balitaan at paghahatid ng tamang impormasyon sa iba't ibang dako ng bansa. Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio mula po sa PCOO.

**ALJO BENDIJO:** Good morning, Usec. Patuloy rin po ang aming paalala na maging ligtas at sumunod sa health and safety protocols na inilatag ng pamahalaan ngayong nalalapit na ang Kapaskuhan. Ako po si Aljo Bendijo.

**USEC. IGNACIO:** At laging tandaan, basta't sama-sama at laging handa, kaya natin ito. Ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Ika-96 na Malasakit Center pinasinayaan sa Veterans Memorial Medical Center sa Lungsod Quezon; ilang pasyente naman mula sa Cebu binigyan ng regalo sa pamamagitan ng Malasakit Center sa siyudad. Ang detalye sa report na ito:

[VTR]

**ALJO BENDIJO:** Mga biktima naman ng sunog sa Binondo, Maynila nakatanggap ng tulong mula sa opisina ni Senador Bong Go, kabilang na ang housing assistance mula naman sa National Housing Authority. Narito ang detalye:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, nilinaw naman ni Senate Committee on Health Chairperson Senator Bong Go na walang gag order si Pangulong Rodrigo Duterte sa mga miyembro ng Gabinete kaugnay sa isyu ng naunsyaming COVID-19 vaccine mula sa Pfizer.

Sa pulong na ginawa sa Palasyo, sinabi ni Senator Go na nagpaliwanag na si Health Secretary Francisco Duque III hinggil sa hindi agad na pagpirma sa kasunduan sa Pfizer at nananatiling buo ang tiwala dito ng Pangulo.

Dagdag pa ni Go na sa kabila ng isyung kinakaharap ni Secretary Duque at pilit aniyang ginagawa ng Kalihim ang kaniyang tungkulin para maibigay ang serbisyo sa taumbayan.

Una nang umapela si Go sa Gabinete na huwag nang mag-away-away at sa halip ay magtulungan na lamang dahil batid naman ni Pangulong Duterte na ginagawa ng mga ito ang kanilang trabaho.

Nanawagan si Go kay Duque na ipaliwanag na lang sa taumbayan ang sitwasyon. Nanawagan din siya kay Foreign Affairs Secretary Teodoro Locsin na makipagtulungan na lang at pinasalamatan din niya ito sa malasakit sa administrasyon.

Ilang araw po bago mag-Pasko ay humabol pa ang isa na namang bagyo. Nakalabas na nga po ang Tropical Depression Vicky sa PAR kahapon ngunit nag-iwan ito ng matinding pagbaha sa ilang bahagi ng Mindanao at Visayas kung saan maraming pamilya po ang inilikas at posibleng mag-Pasko sa mga evacuation centers.

Kumustahin natin ang kanilang kalagayan, ganoon din po ang pamamahagi ng tulong sa kanila sa pakikipag-ugnayan sa iba pang ahensiya ng gobyerno, makakausap po natin si Usec. Ricardo Jalad na Executive Director ng National Disaster Risk Reduction and Management Council. Good morning, Usec. Jalad. Welcome po ulit sa Public Briefing.

**USEC. JALAD:** Magandang umaga, Rocky. Magandang umaga din sa ating mga kababayan likewise to your program.

**USEC. IGNACIO:** Usec., magkano po ang inabot ng pinsala sa mga lugar na tinamaan ng Tropical Depression Vicky?

**USEC. JALAD:** Rocky, ang priority action ngayon ng ating regional government agencies sa pangunguna ng Office Civil Defense ay iyong pagsasagawa ng rapid damage and needs assessment. Iyong OCD at saka katulong ang ibang ahensiya like DSWD, ang tinututukan nila ay mga pangangailangan ng mga kababayan natin na nandiyan sa mga evacuation centers at saka iyong mga nasiraan ng bahay. Ang Department of Agriculture naman at ang DPWH ay nagsasagawa rin ngayon ng rapid damage and needs assessment para doon sa pinsala sa agrikultura at saka mga infrastructures.

Sa ngayon, ang report sa atin ng regional offices ay itong Region VII na lang at saka CARAGA ang mayroong mga displaced pa. Karamihan doon sa mga kababayan natin na nagsilikas noong kalakasan ng pagbaha ay nagsibalikan na pero mayroon pang mga naiwan dito sa CARAGA dahil sa pagbaha at saka dito sa Lapu-Lapu City at atin pong natatandaan itong Lapu-Lapu City ay naapektuhan ng storm surge. Maraming bahay ang nasira diyan sa tabing-dagat at iyan ay dahil sa nawalan silang kabuhayan, nasira. May iba pa diyan na nasa evacuation center.

So, iyong extent ng damage ay inaalam pa ngayon at ang ating mga local government units at saka mga ahensiya ng gobyerno ay nagpadala ng tulong, ang mga agencies ay nagko-coordinate para sa pagpapadala ng tulong na kinakailangan ng ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., iyon nga po iyong tanong natin na kumusta po iyong relief operations sa mga lugar na ito sa pakikipagtulungan po ng DSWD? May sapat po ba na tulong

na maipapamigay ang pamahalaan? Kasi bukod po diyan sa Visayas at Mindanao alam naman po natin dito sa bahagi ng norte eh mayroon din pong pangangailangan, USec?

**USEC. JALAD:** Rocky, ang nangunguna sa pamimigay ng tulong sa ating mga kababayan ay ang local government units at sinusuportahan naman sila ng mga national government agencies natin diyan na nasa regions at unang-una na diyan ang DSWD. And sapat pa naman ang resources natin, ang mga local government units diyan sa mga naapektuhan na mga lugar ay mayroon pang pagkain para sa ating mga kababayan pero may coordination naman na iyong ating DSWD at saka OCD para sa kaukulang augmentation na kinakailangan.

Kaya nauna iyong local government units na mamigay ng tulong dahil sila naman talaga iyong managers ng ating mga evacuation centers. Ang ibinibigay ng DSWD ay augmentation in terms of family food packs at iba pang relief goods ganoon din ang Office of Civil Defense. And mayroon pa naman tayong augmented o may mga quick response pa ang ating mga national government agencies. Kung kinakailangan din na dagdagan ay mayroon namang pondo na na nandiyan sa Department of Budget and Management.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., bukod po doon sa tulong na ipinamamamahagi ng DSWD, ano pa po iyong kailangang tulong na dapat po maipaabot ng pamahalaan o iyong mga ahensiya ng pamahalaan dito po sa mga apektadong lugar, kasi hindi po natin maiwasan din na kumustahin or mag-alala sa kanilang sitwasyon dahil alam naman po natin iyong pandemic, nasa ilalim pa rin po tayo ng pandemic?

**USEC. JALAD:** May mga programa ang DSWD katulad ng cash for work program, financial assistance para doon sa mga nasirang bahay and iyan naman ay kaagad na ibinibigay ng DSWD. And para naman sa full rehabilitation and recovery, ang ating regional government agencies sa pangunguna ng Office of Civil Defense ay magsasagawa ng, carefully, post disaster needs assessment para ma-consolidate at maging comprehensive iyong interventions natin para sa rehabilitation and recovery ng ating mga kababayan na naapektuhan. So, kasama na diyan iyong pag-repair, pagsaayos ng mga damaged ng infrastructures.

Dito sa Leyte ay mayroong landside na nangyari at nagdulot iyan ng casualty, dalawa ang patay diyan and malaki ang pagkasira ng kalsada diyan, so iyan ay isa sa mga tutugunan ng DPWH considering na iyan ay may budgetary requirement diyan sa pagpapaayos ng kalsada ay i-access nila o hindi humingi ng tulong sa ating calamity funds or iyong tinatawag na National Disaster Risk Reduction Management fund.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kumpirmahin ko lang po na hindi pa po ba nasasagad daw iyong pondo ng pamahalaan sa dami ng mga dapat na tulong na ibigay na ipinamamamahagi ngayong 2020 dahil sa pandemya at iba pang kalamidad? Puwede po bang malaman kung magkano iyong natitira pang budget para sa emergency situation katulad po ngayon?

**USEC. JALAD:** Actually, masasabi natin sagad-sagad, pero marami kasing mga programa na dahil sa pandemic ay hindi natuloy ang implementation. And ang National Disaster Risk

Reduction Management fund ay initially ay 7.5 billion nakalaan dito sa ating budget for 2020, malaki diyan ay ginamit sa pagresponde natin sa COVID.

Pero iyan naman ay dinagdagan ng ating Presidente in the amount of 15 billion at mayroon pang natitira diyan ngayon sa 15 billion peso and hopefully matuloy iyong extension ng validity ng funds ng ating budget for 2020 para magamit pa rin iyan, pati na rin iyong mga nandiyan pa sa mga ahensiya ng gobyerno, magamit pa rin paglipas nitong 2020, ma-extend ang validity niyan to the end of 2021.

Well, approaching na rin naman tayo ng panibagong taon, so mayroon tayong fresh budget para gamitin sa patuloy na relief operations at saka rehabilitation, recovery galing dito sa mga nagdaang bagyo natin – iyong Typhoon Quinta, Super Typhoon Rolly, Typhoon Ulysses at saka ito namang si Tropical Depression Vicky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kaugnay po niyan, kumusta naman po iyong suporta naman natin sa mga nasalanta pa noong mga nakaraang bagyo? Nabanggit ninyo na nga po iyong Ulysses, anong phase na po iyong pagtulong natin sa kanila at hindi po ba sila naisasantabi dahil alam din po natin ang kanilang mahigpit na pangangailangan?

**USEC. JALAD:** Hindi naman, Rocky, dahil sinu-sustain naman ng DSWD iyong relief operations and tulong doon sa mga local government units na mayroon pang evacuees o displaced. And habang ginagawa iyan ay pinaplano natin ngayon ang pagbuo ng comprehensive rehabilitation and recovery program para doon sa mga naapektuhan na lugar.

Malawak ang epekto ni Rolly at saka Ulysses, halos buong Luzon and si Presidente ay nagtatag, nagtayo ng isang task force, ang Build Back Better Task Force. And iyong rehabilitation and recovery planning ay pinapangunahan ng Office of Civil Defense and with ating mga regional offices or regional directors ay chairperson ng Regional Disaster Risk Reduction Management Council.

And patuloy ang aming coordination with the Task Force being headed by Secretary Cimatu para iyong aming karamihang ginagawa para sa rehabilitation, recovery ng mga lugar na nasalanta ay patuloy naming gagawin aligned with the actions naman ng Build Back Better Task Force.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Hiniling din daw po ng DSWD na maisabatas na iyong Public Solicitation Bill lalo na sa panahon ng trahedya at marami po ang nanghihingi ng donasyon sa publiko. Sa inyo pong opinyon, bakit kailangan po natin ang ganitong batas?

**USEC. JALAD:** Well, kailangan ko pa ring pag-aralan iyong features ng bill na iyan but para sa pag-consolidate ng mga assistance o donations na ating natatanggap kapag may ganitong pangyayari ay naayos na natin iyan, Usec. Rocky. Mayroon tayong—in 2017 pa mayroon na tayong pinalabas na memorandum circular ang council, iyong Philippine International Humanitarian Assistance na cluster ano.

And lately ay mayroon tayong nabuo sa tulong ng DSWD at DFA na siyang lead pagdating sa consolidation ng international humanitarian assistance. Mayroon tayong platform diyan, nandiyan sa website ng Office of Civil Defense, iyong consolidation ng mga international assistance and local assistance 'no at iyan naman ay ginagamit na rin natin ngayon.

Ito kasi ay ginamit natin na initially doon sa mga tulong na natanggap natin for our COVID response in accordance with iyong administrative order naman ni Presidente, iyong AO 27 na ang Office of Civil Defense ang mag-consolidate ng lahat ng mga donations papunta sa gobyerno para sa COVID response natin.

At iyong platform na iyon na dinivelop ng DICT ay gagamitin na rin natin para sa consolidation ng mga donations in connection with iyong mga disasters ano. So mayroon naman tayong good practice when it comes to consolidation of donations and assistance para sa mga naapektuhan ng kalamidad po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ano naman daw po iyong komento ninyo sa mga NDRRMOs na nanghihingi sa inyo ng pondo para po sa hazard pay ng kanilang mga tauhan na rumiresponde po kontra COVID-19 at sa mga nagdaang kalamidad?

**USEC. JALAD:** Usec. Rocky, ang budgetary requirement na iyan ay hindi po covered sa ngayon ng National Disaster Risk Reduction and Management fund. Siguro ang magagawa ng National Disaster Risk Reduction and Management Council ay magsagawa ng polisiya para sa pagbigay ng hazard pay sa mga rescuers ano. Related to our COVID response, mayroong mga financial assistance para sa mga health workers pero hindi kasama doon iyong mga rescuers na nagriresponde kapag may nangyaring mga ganitong mga bagyo at saka lindol.

And iyang isang assistance or financial assistance para sa mga rescuers ay maaaring ilagay sa isang magna carta for disaster risk reduction and management [unclear]. Mayroon tayong sinimulan diyan na draft, iyan talaga ay kailangan isulong and mayroong provision din para diyan nakalagay doon sa aming version ng proposed Department of Disaster Resilience. Dahil sa ngayon ang kasalukuyang batas, ang Republic Act 10121 ay walang sinasabing ganiyan.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Kunin ko na lamang po Usec. Jalad iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan partikular po doon sa mga nasalanta na naghihintay pa rin po ng tulong.

**USEC. JALAD:** Sa ating mga kababayan na naapektuhan nitong mga nagdaang bagyo lalong lalo na iyong pinakahuli, si Tropical Depression Vicky, ang inyong pamahalaan ay mayroon namang ginagawang mga hakbangin, mga aksiyon para sa mga pagbigay ng tulong. Iyan ay patuloy naming gagawin sa pakikipagtulungan ng iba't ibang ahensiya katulad ng Office of Civil Defense, ng Department of Social Welfare and Development, ng DOH at iyan ay itutuloy namin hindi lang dito sa immediate na relief operations kung hindi hanggang sa pagbibigay o pagsagawa ng mga programs para sa rehabilitation and recovery ng lahat ng mga naapektuhan.

Si Presidente ay nagbigay ng guidance sa atin na kailangan na bigyan ng tulong iyong mga nangangailangan ng pagkain, iyong mga nangangailangan ng tulong para doon sa mga nasalanta ng bagyo. At iyan naman ay aming pinag-usapan dito sa National Disaster Risk Reduction and Management Council at iyan ay ginagawan nang kaukulang hakbang ng mga concerned agencies.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Usec. Ricardo Jalad, ang Executive Director ng National Disaster Risk Reduction and Management Council. Mabuhay po kayo, Usec!

**USEC. JALAD:** Maraming salamat, Rocky. Mabuhay din kayo!

**USEC. IGNACIO:** Magbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[AD]

**BENDIJO:** Nagbabalik ang Public Briefing #LagingHandaPH. Dahil sa malakas pong pag-ulan na dala ng Bagyong Vicky, malawak rin ang pinsalang inabot ng mga sakahan at ibang mga pangunahing pinagkakakitaan ng ating mga kababayan. At para pag-usapan ang naging epekto ng bagyo sa sektor ng agrikultura, makakausap natin si Department of Agriculture Secretary William Dar. Magandang umaga po, Secretary Dar.

**DA SEC. DAR:** Magandang umaga din Aljo at Usec. Rocky.

**BENDIJO:** Opo. Secretary, this is Aljo Bendijo kasama din natin si Usec. Rocky Ignacio. Secretary, may datos na po ba kayo ngayon kung magkano ang danyos na iniwan ng Bagyong Vicky sa mga nasalantang sakahan, palaisdaan at iba pang mga agricultural lands lalung-lalo na sa Mindanao at sa ilang bahagi po ng Visayas?

**DA SEC. DAR:** As of last night, Aljo, ang total na damage ay mga 10.5 million pesos. Dito sa Cagayan [garbled]

**ALJO BENDIJO:** Opo. Sec., ano po ang ayudang ibibigay po ng Department of Agriculture sa mga farmers natin, maging sa kanilang mga kooperatiba—

**DA SEC. DAR:** Hindi ko naririnig, Aljo.

**ALJO BENDIJO:** Sige po. Secretary, naririnig ninyo ako ngayon? Sec?

**DA SEC. DAR:** I can hear you, Aljo

**ALJO BENDIJO:** Opo. So ano po iyong ayudang ibibigay natin sa Kagawaran po ng Agrikultura/Department of Agriculture sa atin pong mga magsasaka?

**DA SEC. DAR:** [Garbled] another one iyong Philippine Crop Insurance System [garbled]

**ALJO BENDIJO:** Opo. Nagkakaroon po ba ng epekto, Secretary, sa supply naman ng pagkain diyan sa Mindanao at ilang bahagi ng Visayas itong bagyong ito, Bagyong Vicky? Sige, babalikan natin si Secretary Dar.

**DA SEC. DAR:** [Garbled] ating mga consuming public, mayroong sapat po tayong pagkain.

**ALJO BENDIJO:** All right, sige. Secretary, mas maganda kung ayusin muna natin ang audio siguro ni Secretary. Hindi rin malinaw eh. Sec., pasensiya na po ha, babalikan po namin kayo ha. Aayusin lang natin ang audio kasi hindi po malinaw talaga, Sec., ang dinig namin. Okay, sige. Secretary, pasensiya na po ha. Sige, sige, ayusin na natin ang linya ng ating komunikasyon with Secretary Dar.

**USEC. IGNACIO:** Oo, kasi medyo … sabi nga ng ating mga kasamahan na nakikinig ngayon, sayang kasi putul-putol dahil gusto nilang malaman siyempre ano ba ang naging epekto ng mga nakaraang kalamidad dito sa supply ng pagkain. Siyempre, kapag ganitong may pandemya na, food security iyong ating pangunahing kinakailangan na, sabihin natin, na maiparating kaagad sa mga taumbayan, sa mga nangangailangan.

**ALJO BENDIJO:** Totoo iyan, Usec., dahil ito na nga, sunud-sunod na ang kalamidad, mayroon pa tayong pandemya. Kinakailangan natin ngayon iyong pagkain.

So balikan na natin si Secretary William Dar. Secretary, good morning again. Sec? Okay, wala pa.

Iyong bantay presyo natin nasa… may nakausap nga akong tindera ng karneng baboy, Usec., napakamahal daw ng kilo ng karneng baboy ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Magkano, magkano ang inaabot ngayon?

**ALJO BENDIJO:** Parang halos … talagang malayo noong nakagawian na presyo. Nag-order kasi ako ng lumpiang shanghai. Ang sabi ngayon, ‘Huwag ka munang umorder ng lumpiang shanghai dahil mahal ang karne ng baboy.’

**USEC. IGNACIO:** May kasama namang ibang ingredients ang shanghai, talagang iyon kaagad ang sinabi niya, hindi man lang hamon.

**ALJO BENDIJO:** Oo, kasi hindi maiwasan ngayon na malapit na ang Pasko eh kapag lumpiang shanghai kasi, iyon ang mga tampok na mga kakainin natin ngayong Noche Buena.

Anyway, balikan natin si Secretary William Dar. Secretary, good morning again, sir.

**DA SEC. DAR:** Good morning, Aljo and Usec. Rocky. Kumusta na po?

**ALJO BENDIJO:** Ayon, malinaw na po, Sec. Ito na po ang tanong: Bantay presyo naman po tayo bago mag-Pasko. Kumusta po ang presyo ng gulay at mga karne sa ating mga palengke lalo na iyong karneng baboy? Eh papaano natin masisiguro, sir, na hindi ito sisipa dahil sa Bagyong Vicky?

**DA SEC. DAR:** Dito po muna sa Bagyong Vicky, Aljo, bago tayo pumunta sa presyo. Sa Typhoon Vicky, sa Mindanao ay as of last night ay may report po ng 10.5 million pesos na damages sa agrikultura. At mayroon tayong na-monitor din na pagbaha dito po sa Cagayan Valley. So wala pa pong report ng damage pero ang alam po natin na malaki po iyong pagbaha muli sa Tuguegarao areas at saka Enrile,6 Cagayan. So by the end of today, mayroon na tayo sigurong ibigay na datos as a result of Typhoon Vicky.

Now, kung titingnan natin, halos naka-harvest na lahat ang ating mga magsasaka bago pa dumating ang Typhoon Vicky. So gusto rin nating masiguro na masabi na mayroon tayong sapat na bigas, mayroon pa rin na imbentaryo po tayo na nandiyan good for three months until [garbled]. So wala pong dapat ipangamba tungkol sa bigas.

Dito sa ibang commodities ay tumataas ang presyo kagaya ng karne ng baboy, at nagpaparating tayo naman ng supply galing Visayas and Mindanao, so halos mayroon tayong supply pero mataas lang konti iyong presyo ng baboy.

Then sa fruits and vegetables, natamaan po sila noong nitong last four typhoons so nagri-recover at dumadami na iyong supply natin ng vegetables and fruits. So alam naman natin na during this Christmas season ay halos tumataas iyong demand ng mga ito dito sa mga iba't ibang agricultural commodities po.

**ALJO BENDIJO:** Opo. Balikan ko lang iyong tanong kanina, Sec. Iyong ayuda o mayroon ba tayong naibigay sa ating mga magsasaka, ganoon din sa kanilang mga kooperatiba lalo na sa naapektuhan po ng Bagyong Vicky?

**DA SEC. DAR:** Dito sa Typhoon Vicky, handa na po kami mamigay ng mga buto at kung ano iyong kinakailangan para maka-recover at makatanim ulit sila. Mayroon din kaming hinahanda, iyong indemnification ng mga agricultural damages doon sa mga naka-register at nagpa-enroll doon sa Philippine Crop Insurance System. So ito iyong mga [hinahanda]… we are now preparing for this para within the reasonable period ay maka-recover agad sila.

Now, we also have the third parties Expanded SURE-Aid loan assistance naman ito – 25,000, zero interest, payable in ten years. So ito po iyong tatlong puwede nating ibigay agad-agad sa mga magsasaka.

**ALJO BENDIJO:** Opo. Ano naman po ang mga programang inilalatag ng Department of Agriculture sa susunod na taon, Secretary, para sa rehabilitation ng agriculture assets na nawala o naapektuhan ng mga nagdaang kalamidad po?

**DA SEC. DAR:** Tama po, marami tayong nakalatag na itong mga banner programs kagaya ng rice production, mas pataasin pa ang target natin, ganoon din sa vegetables and fruits production. Iyong re-stocking ng hog industry gawa ng African Swine-Fever doon sa mga areas na puwede nang mag-umpisa uli. At sa fisheries din, pinapaigting po natin ang aquaculture. So malaki po iyong ayuda in terms of agricultural inputs na binibigay po natin dito sa dry season production para maka-recover po tayo. Mas mataas iyong food sufficiency level, iyon palagi ang bottom line, itaas po natin ang productivity levels at the same time, iyong kita din ng mga magsasaka. At the end of the day, we are looking at higher levels of food sufficiency.

**BENDIJO:** Tuluy-tuloy din ang pagsisikap ng Department of Agriculture Sec. 'no para palakasin ang food security sa bansa, ito'y sa pamamagitan nang digitalization ng food supply chain through Deliver-E. Puwede ninyo bang maipaliwanag po?

**DA SEC. DAR:** Alam mo po marami tayong plataporma sa digitalization ng Philippine agriculture at iyan ay marami nang kinakasa at ini-implement na po.

At gusto ko rin banggitin Aljo and Usec. Rocky, mayroong report ng Philippine Statistics Authority na ang rice production dito sa 4th Quarter ay lalago or mag-increase nang .6% in spite of the successive typhoons na bumisita sa atin.
Ang corn production is growing during the 4th Quarter at the level of 1.4% so mag-increase iyan ng production in spite of the typhoons and the pandemic.

And gross value in agriculture totaling 404.6 billion, ito ang mayroong pagtaas nang 4.1% during the 4th Quarter; so again, mentioning na resilient tayo pero mas maganda pa kung mas malaki po ang ating budgetary support at ang private sector will now invest more in agriculture.

**BENDIJO:** Opo. Secretary, mensahe na lang sa pangkalahatan sa ating mga nanunood at nakikinig sa mga oras na ito.

**DA SEC. DAR:** Yeah. Gusto kong magpasalamat sa ating Diyos at saka iyong inspiration na binibigay ng ating mahal na Pangulo, Pangulong Rodrigo Roa Duterte na bagama't mayroon tayong COVID-19 pandemic ay tumataas pa rin, lumalago pa rin ang sektor ng agrikultura. Ang ating mga magsasaka at mangingisda ay talagang nagsusumikap para maitaas po natin iyong antas o level ng pagkain natin. We would like to ensure food security for every Filipino and let's hope na mas maganda po ang paglago muli ng sektor ng agrikultura dito po sa 2021. So huwag tayong mawalan ng pag-asa at tayo po ay mag-Plant, Plant, Plant po tayong lahat. Maraming pong salamat. Merry Christmas and a Happy New Year to everyone.

**BENDIJO:** Merry Christmas po, Secretary Dar. Maraming salamat, Secretary William Dar ng Department of Agriculture. Mabuhay po kayo. Mag-ingat po kayo, sir.

**DA SEC. DAR:** Salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, kumustahin naman natin ang pamamahagi ng tulong ng pamahalaan sa mga nasalanta pa rin ng Tropical Depression Vicky sa pamamagitan ng DSWD. Makakausap po natin si Undersecretary Glen Paje. Good morning po, Usec.

**DSWD USEC. PAJE:** Magandang umaga sa inyo, Rocky at Aljo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kumusta na po iyong relief operations ng DSWD doon sa mga sinalanta ng Tropical Depression Vicky sa Mindanao at ilang bahagi ng Visayas? Gaano karaming pamilya na po ang natulungan ninyo? Naku, magpa-Pasko pa naman po, Usec!

**DSWD USEC. PAJE:** Opo. Ito nga ang malungkot na parte nito dahil magpa-Pasko na, may COVID pa at patuloy tayong sinasalanta ng bagyo.

Patuloy po ang pakikipag-ugnayan ng DSWD sa mga lokal na pamahalaan at itong may kaugnayan nga sa mga apektado ng Bagyong Vicky. Sa Central Visayas po, ang DSWD Field Office ay namamahagi na ng mga packed meals at iyong ating mga family food packs lalo dito sa siyudad ng Lapu-Lapu City. Ganoon din po sa CARAGA Region, ang DSWD-CARAGA ay nagbigay na rin ng mga family food packs sa mga apektadong pamilya.

Patuloy naman po ang ginagawang assessment ng ating mga field offices lalung-lalo na sa mga munisipalidad sa Surigao at sa iba pang bahagi na apektado ng bagyo. At kasalukuyan po ay nasa mahigit 8,000 na pamilya na o mahigit 36,000 individuals ang ating mga natutulungan. Nasa 149 barangays po ito, medyo marami-rami at patuloy po itong ginagawa sa Region VII, Region VIII, Region XI at sa CARAGA. Sila po iyong mga medyo naapektuhan nang mabigat dahil sa pananalanta ng Bagyong Vicky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito po iyong tanong ng marami rin ano. Usec., lahat po ba daw ng nasalanta ng bagyo ay kinukonsiderang 'eligible' sa Assistance to Individuals in Crisis Situation Program ng DSWD? Pakipaliwanag po ito: Ano po iyong assistance na matatanggap nila sa ilalim po ng naturang programa?

**DSWD USEC. PAJE:** Iba-iba pong assistance ang maaari nilang i-avail depende po sa assessment ng ating mga social workers at ng mga humaharap po sa kanila. Ang Assistance to Individuals in Crisis Situation o iyong AICS ay open po, bukas po ito sa lahat ng mga nangangailangan ng tulong. May mga konting requirements lang po at ito naman ay hindi mahirap punuan o ipakita at ito lang po ay nagpapatunay na talagang iyong indibidwal na iyon ay nangangailangan ng tulong o deserving na mabigyan ng tulong base na rin sa assessment ng ating mga social workers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may mga LGU po ba na nagri-request ng relief augmentation mula sa national government para sa lugar nila. Paano naman sila tinutugunan?

**DSWD USEC. PAJE:** Iyong mga dagdag po o iyong ating resource augmentation ay base na rin sa request ng mga LGUs. Sa ngayon po ay hindi pa tayo nakakatanggap ng request mula sa LGUs ngunit nakahanda naman po ang ating mga field offices sapagkat sila po ay may mga kani-kaniyang mga stockpile na mga relief goods at iba pang mga pangangailangan, mga food and non-food items na madali nilang maipapasa o maibabahagi sa mga LGUs once na mag-request ito. Alam naman po natin na iyong mga LGUs ang first responders at madali naman silang nakakatanggap ng ayuda o ng dagdag na resources lalung-lalo na itong mga relief goods galing sa DSWD kapag sila po ay nag-request na.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May tanong lang po si Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror: Sinabi po ninyo na ang emergency cash subsidy being distributed under Republic Act 11949 or iyon po 'yung Bayanihan to Recover as One Law had already been issued to over 142,000 family beneficiaries as of yesterday. Ano na daw po iyong total fund allocated by the Bayanihan 2 Law for the emergency cash subsidy or the target number of family beneficiaries ng subsidy program?

**DSWD USEC. PAJE:** Ang target beneficiaries po kasi natin dito ay nasa 643,000 na nabigyan na sa Bayanihan 2. Kabilang po dito iyong 75,000 na target beneficiaries mula doon sa mga lugar na considered granular lockdown. Mayroon din pong karagdagan na 568,000 na additional 4Ps beneficiaries na kasama dito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec., sumulat daw po sa inyo at kay—o sa DSWD at sa Pangulo si Senior Citizen Partylist Representative Ordanez na sanay mai-release na po iyong naipong pensiyon ng mga indigent senior citizens mula po noong Hulyo. Ano na po daw ang estado nito?

**USEC. PAJE:** Sa ngayon po, nasa 80% na po halos ang naipamahagi sa 2020 stipend ng senior citizens beneficiaries at kasalukuyan po ay isinasagawa ang payouts ng social pensions sa pamamagitan ng manual payouts. Ganoon din po sa pamamagitan din ng ating mga special disbursing officers ay ginagawa po iyong pamamahagi ng kanilang social pension.

Nag-transfer na rin po tayo ng pondo sa mga LGUs para maging katuwang din natin sila sa pamamahagi o pagpapahatid ng tulong na ito sa ating mga senior citizens.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Undersecretary Glen Paje ng DSWD. Keep safe po and Merry Christmas!

**USEC. PAJE:** Merry Christmas din po sa inyo at keep safe din. At para sa lahat ng ating mga tagasubaybay ay maligayang Pasko sa inyong lahat!

**BENDIJO:** Merry Christmas po, Usec.!

Samantala, puntahan natin ang mga nakalap na balita ng ating mga kasama sa ilang lalawigan sa bansa. Ihahatid iyan ni John Mogol ng PBS Radyo Pilipinas. John?

[NEWS REPORT BY SARAH CAYABYAB/RP DAGUPAN]

[NEWS REPORT BY RAYMOND APLAYA/RP-TANDAG]

**BENDIJO:** Maraming salamat, John Mogol ng Philippine Broadcasting Service-Radyo Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Dumako naman tayo sa Cordillera Region. May balitang hatid si Breves Bulsao mula sa PTV-Cordillera.

[NEWS REPORT BY BREVES BULSAO/PTV-CORDILLERA]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat, Breves Bulsao ng PTV-Cordillera.

**BENDIJO:** Makibalita naman tayo diyan sa Davao City kasama si Jay Lagang. Jay, maayong udto!

[NEWS REPORT BY JAY LAGANG/PTV-DAVAO]

**BENDIJO:** Daghang salamat. Jay Lagang ng PTV-Davao.

**USEC. IGNACIO:** Maghahatid naman ng balita sa Cebu si John Aroa. John?

[NEWS REPORT BY JOHN AROA/PTV-CEBU]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, John Aroa.

Samantala, umakyat na sa 429,134 ang kabuuang bilang ng mga gumaling mula sa COVID-19 sa bansa matapos madagdag ang 8,080 recoveries kahapon. Sa pinakahuling tala ng Department of Health, nasa 1,754 naman ang bagong bilang ng mga nahawaan ng COVID-19 kaya umabot na ito sa kabuuang 459,789. 36 naman ang dagdag sa nasawi na ngayon ay umabot na sa 8,947.

**BENDIJO:** Sa Quezon City, nagmula ang pinakamataas na bilang na 163 na mga bagong kaso kahapon, sumunod ang Rizal na may 104 new cases. Nasa ikatlong puwesto naman ang Benguet, na sinundan ng Laguna at ng Bulacan.

Ang mga aktibong kaso ay nasa 21,708, ito ay 4.7% ng total cases. Malaki ang ibinaba nito matapos maitala ang mahigit 8,000 recoveries kahapon. Tuwing Linggo po ay naitatala ang mataas na bilang ng mga gumaling.

Mild cases pa rin ang karamihan sa mga aktibong kaso na nasa 81.3%; ang mga walang sintomas ay nasa 8.7%; 6.4% ang nasa critical na kundisyon; 3.2% severe; at 0.37% naman ang moderate cases.

**USEC. IGNACIO:** Sa atin pong pagdiriwang ng Kapaskuhan, sundin po natin ang minimum public health standards para hindi po mangyari ang kinatatakutan nating surge sa COVID-19 cases. Huwag na huwag pong kakalimutang magsuot ng face mask at face shield kung kayo po ay lalabas ng iyong bahay.

Mainam kung may sapat na sirkulasyon ng hangin ang pupuntahang pampublikong lugar. Paalala po, wala pa pong aprubadong bakuna ng CVID-19 dito sa ating bansa, kaya hindi o tayo dapat maging kampante.

Para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang 02-894-COVID o kaya ay 02-894-26843. Para naman sa mga PLDT, Smart, Sun, at TNT subscribers, i-dial ang 1555. Patuloy din kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19. Maaari ninyo pong bisitahin ang covid19.gov.ph.

Maraming salamat po sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP). Salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19, mabuhay po kayo!

At dito po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito – salamat, Aljo! Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio ng PCOO.

**BENDIJO:** Maraming salamat din, Usec.! Ako naman po si Aljo Bendijo. Apat na araw na lang po at Paskung-Pasko na!

**USEC. IGNACIO:** Hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##